## Ang Pambihirang Buhok ni Raquel

ni Luis P. Gatmaitan



Sobrang hinahangaan ko si Raquel sa lahat ng aking mga pinsan. Ang kulay ng buhok niya ay iba-iba! May asul, dilaw, at pula. Ang ganda talaga!

Hindi alam ni Raquel na naiinggit ako sa kaniya. Maganda kasi siya, ang puti rin ng kaniyang balat. Madalas ginagaya ko siya. Ang kaniyang pagngiti, pagdadamit, pagsayaw at pagkanta. Kami rin ay umaakyat sa mga puno para pumitas ng mga prutas tuwing bakasyon.



Siya ay palakaibigan at sobrang bait kahit na siya ay taga-Maynila pa at ako ay taga-probinsya lamang. Hindi siya tumatawa kahit mali-mali ang Ingles ko.

Pero napapansin ko, lagi niyang sinasabi sa akin, "Ana, mas mapalad ka."

Bakit kaya?

Isang araw, nainip ako sa paghihintay kay Raquel, pero hindi siya dumating para makipaglaro sa akin. Sinabi ng aking nanay at tatay ay hindi muna raw magbabakasyon sa amin si Raquel dahil nasa ospital daw siya.

Kinabukasan ay pumunta kami ng Maynila para bisitahin si Raquel. Napansin ko na nagbago ang kaniyang hitsura. Parang mas lalo siyang pumuti, Nawala rin ang kaniyang ngiti. Pero napansin ko na nag-iba na naman ang kulay ng kaniyang buhok!

Isang araw habang naglalaro kami ni Raquel, bigla na lang siyang natumba sa sahig. Hindi ko alam ang aking gagawin at tinawag ko ang kanyang mga magulang. Nakita ko ang ulo ni Raquel! Natanggal ang kaniyang napakagandang buhok! Kalbo pala si Raquel! Peluka lang pala ang buhok niya.



Nalaman ko na may sakit pala si Raquel na *leukemia*. Umiiyak ako kay nanay at tinatanong kung bakit ganoon?

"Kahit ang mga bata ay nagkaka-*cancer*." Sabi ni nanay. Kaya pala sinasabi palagi ni Raquel na mas mapalad ako.

Hanggang ngayon, si Raquel pa rin ang aking hinahangaan. Higit pa sa kaniyang kakaibang buhok, mayroon din siyang kakaibang tapang.

Lagyan ng tsek ang tamang sagot.

1. Ano ang kakaiba kay Raquel?

    a. ang kaniyang buhok
    b. ang kaniyang balat
    c. ang kaniyang ugali

2. Sino ang naiinggit sa kaniya?

    a. ang kaniyang tita
    b. ang kaniyang pinsan
    c. ang kaniyang nanay

3. Ayon sa kwento, alin sa mga sumusunod ang ginagawa ni Raquel at ng kaniyang pinsan?

    a. bumibili ng pagkain
    b. umaakyat sa mga puno
    c. natutulog ng magkasama

4. Ano ang palaging sinasabi ni Raquel kay Ana?

    a. "Mas mapalad ka."
    b. "Ang bait-bait mo naman!"
    c. "Gusto talaga kitang kalaro."

5. Taga-saan sina Raquel?

    a. sa Maynila
    b. sa probinsiya
    c. sa Pampanga

6. Bakit hindi nakapagbakasyon si Raquel kina Ana?

    a. dahil nasa ospital siya

b. dahil nagsimula na ang kanilang pasukan
c. dahil maraming ginagawa sina Ana sa probinsya

7. Ano ang nalaman ni Ana tungkol sa buhok ni Raquel?

a. Hindi pala totoo ang buhok ni Raquel.
b. Sobrang dulas at kintab pala ng buhok ni Raquel.
c. Mayroong bahaghari sa ilalim ng buhok ni Raquel.

8. Ano ang ginawa ni Ana nang malaman ang tungkol sa kalagayan ni Raquel?

a. Natakot siya kay Raquel.
b. Kinausap niya si Raquel tungkol sa kaniyang buhok.
c. Pinuntahan niya ang kaniyang nanay at umiyak nang umiyak.

9. Ano ang sakit ni Raquel kaya palagi siyang nasa ospital?

a. lagnat
b. leukemia
c. impeksyon sa buhok

10. Kung ikaw ang pinsan ni Raquel, ano ang gagawin mo para sumaya si Raquel?

________________________________________

________________________________________

________________________________________